

# Multi-Licensing

## *Ano ang bisyon ng DCYF?*

Nais ng DCYF na pagsamahin ang mga serbisyo para ang lahat ng mga bata at kabataan sa Washington ay lumaki nang ligtas at malusog, na umuunlad sa pisikal, emosyonal, at akademiko, at inaalagaan ng pamilya at komunidad.

## Ano ang Multi-Licensing?

Ang Multi-Licensing ay ang pagsang-ayon sa isang lisensyado na magkaroon ng higit sa isang lisensya para sa pangangalaga sa labas ng tahanan, hal., lisensya sa family home foster care at isa o higit pang lisensyado o sertipikadong lisensya sa pangangalaga ng bata.

Inaalis ng Multi-Licensing ang mga hadlang, ginagawa nitong mas madali para sa mga pamilya na mangasiwa bilang parehong tagapagbigay ng foster care at pangangalaga ng bata. Maaaring magbigay ng tuloy-tuloy na pangangalaga at suporta sa mga bata at kabataan ang mga pamilya na may maraming lisensya mula sa DCYF.

## Paano ito gumagana?

- Makipag-ugnayan sa Welcome box ng DCYF sa **dcyf.welcome@dcyf.wa.gov** para sa karagdagang impormasyon at sa proseso ng paglilisensya.
- Ang maaga at patuloy na teknikal na tulong ay available mula sa pagsasanay at aplikasyon bago ang serbisyo, hanggang sa paglilisensya at pagpapanatili.

## KARAGDAGANG IMPORMASYON

- Tingnan ang mga update sa Washington Administrative Code (Kodigo ng Pamahalaang Administratibo ng Washington, WAC):
  - 110-148-1330: **https://app.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-148-1330**
  - 110-300-0425: **https://app.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-300-0425**
  - 110-300-0430: **https://app.leg.wa.gov/WAC/default.aspx?cite=110-300-0430**
- Puwede kang magkaroon ng community foster care o lisensya sa kinship care kasabay ng lisensya sa pangangalaga ng bata.
- Ang mga pamilya sa Foster Care na lisensyado sa pamamagitan ng mga Child Placing Agencies (Mga Ahensya ng Paghahanap ng Pamilya para sa mga Bata, CPAs) ay may parehong opsyon na magkaroon ng maraming lisensya.
- Puwedeng makatanggap ng buwanang mga reimbursement para sa foster care at subsidized na bayad para sa pangangalaga ng bata sa ilalim ng child welfare ang kwalipikadong lisensyado.
- Ang pinakamataas na bilang ng mga bata sa lisensyadong foster home ay anim na bata sa isang tahanan na lisensyado na may dalawang tagapangalaga; o apat na bata sa tahanan na may isang tagapangalaga. Kasama rito ang sarili mong mga anak na wala pang 18 taon at mga bata sa foster o respite care.
- Ang pinakamataas na kapasidad sa pangangalaga ng bata ay nakadepende sa laki ng espasyo, dami ng tauhan, edukasyon at pagsasanay, at iba pang mga salik.
- Bawat lisensya ay indipendiyente. Puwedeng piliin ng isang lisensyado na isara ang isang lisensya at panatilihin ang iba.

## INTERESADO KA BA? MAY MGA KATANUNGAN KA BA?

Makipag-ugnayan sa DCYF sa **dcyf.welcome@dcyf.wa.gov**

*Ang DCYF ay hindi nandidiskrimina at nagbibigay ito ng pantay na access sa mga programa at serbisyo nito para sa lahat ng tao kahit anong lahi, kulay, kasarian, relihiyon, paniniwala, katayuan sa pag-aasawa, bansang pinagmulan, katayuan sa pagkamamamayan o imigrasyon, edad, sekswal na oryentasyon o pagkakakilanlang kasarian, katayuang beterano o militar, katayuan bilang inang nagpapasuso, at pagkakaroon ng anumang pisikal, pandama at pangkaisipan na kapansanan, o nakakakilos sa tulong ng gabay na aso o hayop na serbisyo. Kung nais mong magkaroon ng mga libreng kopya ng publikasyong ito sa isang alternatibong format o wika, mangyaring makipag-ugnayan sa Mga Pakikipag-ugnayan sa Sangay ng DCYF sa 1-800-723-4831 o mag-email sa* ***communications@dcyf.wa.gov****.*

DCYF PUBLICATION LIC_0159 TA (10-2024) Tagalog

Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES